AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL

**Lesson 20**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa **"Maaaring Gawin kung may kapitbahay na nagpositibo sa COVID-19".** Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

**Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 20**

Source: Department of Health

**I.PAGBATI**
Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻‍🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. 🦠❓

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa mensahe ni Patricia ng Las Piñas.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, natatakot po ako. Yung kapitbahay po namin ay may COVID-19. Magkakasakit din po ba ako? Ano pong gagawin ko?

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Hello, Patricia!

Salamat sa iyong tanong. 🤗

--

Ang tangi mong magagawa kung may nagpositibo sa COVID-19 na nakatira malapit

sa inyong bahay 🏠👥🦠 ay mag-ingat sa pakikisalamuha 😷🤭, at paglilinis ng inyong kapaligiran at mga kagamitan. 🧹🧽🧼

**IV.✊ HAMON**

Kaya kung mayroon tayong nabalitaan na kapitbahay na positibo sa COVID-19, huwag natin silang katakutan. 🤒🙅‍♀😱 Sa halip ipagdasal natin ang agaran nilang paggaling. 🙏

Iwasan din nating mangamba. 🙅‍♀😖 (Tandaan, mahahawa ka lamang kung matatalsikan ka ng droplet ng maysakit. 🗣😪💦) At, ingatan natin ang ating sarili sa pamamagitan ng:

- pagsusuot ng facemask 😷, o di kaya'y paggamit ng tisyu 🧻, panyo, o loob ng siko 💪 kapag may uubo na malapit sa iyo o di kaya'y ika'y uubo 🗣 o sisinga 😤. Itapon natin ang ating mga ginamit na tisyu sa basurahan. 🧻🗑

- Punasan ang mga bagay na madalas gamitin 🚪📱🗝🗄🚽 gamit ang basahan na may bleach - zonrox 🧽🧼🧴. Panatilihin ding malinis ang inyong kapaligiran. 😉

-At, kumain ng masusustansyang pagkain 🍱, uminom ng tubig 🥛, mag-ehersisyo 🏋‍♂, at matulog nang wastong oras 😴⏱ upang magkaroon ng malakas na resistensya panlaban sa sakit. 😉👊🦠

Kung mayroon tayong nakakasalamuha na nagpapakita ng sintomas ng COVID-19, ingatan at alagaan natin ang ating sarili, at linisin ang ating kapaligiran. 🧽🧼🧴🏡

Nang sa gayon, mataboy natin ang mga virus na gustong pumasok sa ating katawan at magdulot ng sakit sa atin. 🦠🤒🙅‍♀

Para maiwasan ang pagkalat ng coronavirus🦠, mainam din kung mananatili tayo sa loob ng ating bahay 🏠, at lalabas lamang kung kailangan na kailangan!

**V.💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Anu-ano ang mga maaaring gawin kung may nag positibo sa COVID-19 na nakatira malapit sa inyong bahay?
🔎 Paano nahahawa ng COVID-19?
🔎 Tama o Mali. Bilang pag-iingat hawakan ang ilong at bibig gamit ang maruming kamay kung umuubo ang katabi?

🔎 Tama o Mali. Itapon ang mga ginamit na tisyu sa basurahan.
🔎 Tama o Mali. Magpuyat sa kakapanood ng Kdrama o telenobela dahil wala namang gagawin kinabukasan.

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**
At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻🏫

Magkita-kita tayo ulit bukas para sa "Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?" 👧🏻🧒🏻❓

Maraming Salamat sa pakiki-isa! 🤗
-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."